WHAT SHAPES US

# Paglikha at Pagkakasala

WEEK 2

## WARM-UP

- Ilarawan ang pinakakakaibang litrato o senaryo na nakita mo. Bakit ito nagmukhang kakaiba?
- Nasubukan mo na bang gumamit ng *filter* sa pagkuha ng larawan? Ano ang naramdaman mo nang makita mo ang isang larawang hindi mo kamukha?
- Magkwento tungkol sa isang bagay na nilikha mo (halimbawa: ipinintang larawan, isinulat na kwento, likhang sining). Ano ang naging inspirasyon mo para ilikha ito?

## WORD

*Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang nilikha at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi at dumating ang umaga. Iyon ang ikaanim na araw.* **GENESIS 1:31**

Tuwing tinitingnan natin ang mundo sa ating paligid, ang nakikita natin—kasama na ang pagkawasak at kawalang-katarungan—ay malayo sa kondisyong katangi-tangi. Ang ating buhay ay minarkahan ng kung paano tayo nakiki-angkop sa nagkasalang mundong ito. Ngunit ito ay hindi bahagi ng plano ng Diyos noong nilikha Niya ang buong sansinukob. Ano kaya ang nangyari? Ngayon, titingnan natin ang salita ng Diyos upang matuklasan ang plano Niya para sa atin at sa iba pang mga nilikha, at kung ano ang gumambala dito.

## 1 Nilikha ng Diyos ang buong sansinukob.

*[31]Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang nilikha at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi at dumating ang umaga. Iyon ang ikaanim na araw. [1]Natapos likhain ng Diyos ang kalangitan, ang mundo at ang lahat ng naroon. [2]Natapos niya ito sa loob ng anim na araw at nagpahinga siya sa ikapitong araw.* **GENESIS 1:31–2:2**

(Aralin ang **GENESIS 1**.)

Sa simula, nilikha ng Diyos ang lahat mula sa kawalan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang salita. Sa pamamagitan ng pagbigkas ng Kanyang salita nalikha ang mundo at ang lahat ng nandito. Siya rin ang nagdala ng kaayusan mula sa kaguluhan (Genesis 1:1–2) at nagdisenyo ng natural na kaayusan ng mga bagay. Kaya naman ang Diyos ang tanging tunay na Lumikha. Hanggang ngayon, sinusuportahan at pinamamahalaan Niya ang buong nilikha para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa ating kapakinabangan. Dahil sa kaalamang ito, ano ang dapat na saloobin natin? (Mateo 6:25–26).

## 2 Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang sariling imahe.

*[26]Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang." [27]Kaya nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis niya.* **GENESIS 1:26–27**

(Aralin ang **GENESIS 1:28–30; 2:4–9, 15–25.**)

Ginawa ng Diyos ang mga tao, lalaki at babae, ayon sa Kanyang 'wangis' o imahe. Tulad ng Diyos, mayroon tayong kakayahang mag-isip, makadama, makipag-usap, maging malikhain, at magkaroon ng ugnayan sa Kanya at sa iba. Ang pagiging nilikha sa Kanyang imahe ay nangangahulugang tinawag tayo ng Diyos upang maging mga katiwala at kinatawan Niya dito sa lupa, na sumasalamin sa Kanyang katangian, puso, at kalooban. Ipinapahiwatig din nito ang likas na halaga ng bawat tao. Anuman ang ating nakaraan o katayuan, ang ating buhay ay

mahalaga sa Diyos. Mahal na mahal Niya tayo kaya ninanais Niya na magkaroon ng ugnayan sa atin at nagtakda Siya ng layunin para sa atin (Genesis 1:28). Sa palagay mo, paano nito mababago ang paraan ng pagtingin natin sa Diyos, sa ating sarili, at sa iba?

## 3 Binaluktot ng kasalanan ang imahe ng Diyos sa tao at sinira ang Kanyang nilikha.

*11 Nagtanong ang PANGINOONG Diyos, "Sino ang nagsabi sa iyo na hubad ka? Kumain ka ba ng bunga ng punongkahoy na sinabi ko sa iyo na huwag ninyong kakainin?" 12 Sumagot ang lalaki, "Ang babae po kasi na ibinigay n'yo sa akin ay binigyan ako ng bunga ng punongkahoy na iyon at kinain ko." 13 Tinanong ng PANGINOONG Diyos ang babae, "Bakit mo ginawa iyon?" Sumagot ang babae, "Nilinlang po kasi ako ng ahas, kaya kumain po ako." 14 Kaya sinabi ng PANGINOONG Diyos sa ahas, "Dahil sa ginawa mong ito, parurusahan kita. . . ."* **GENESIS 3:11–14**

(Aralin ang **GENESIS 3.**)

Matapos likhain ang mundo, pinagpala ng Diyos ang lalaki at babae, at ibinigay Niya sa kanila ang pamamahala sa mga nilikha (Genesis 1:28). Binigyan din Niya sila ng isang utos—huwag kumain ng *bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman kung ano ang mabuti at masama* (Genesis 2:17). Isang araw, nilinlang sila ng isang tusong ahas para mawalan ng tiwala at sumuway sa Diyos. Dahil dito, ang magandang disenyo ng Diyos ay nadungisan, ang Kanyang imahe sa sangkatauhan ay nabaluktot ng kasalanan, at ang ating ugnayan sa Diyos, sa isa't isa, at sa Kanyang nilikha ay nasira. Higit pa rito, ang iba pang nilikha ay napinsala at napasailalim sa kamatayan at pagkabulok. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 8:20–24 tungkol sa kalagayan ng sangkatauhan at ng buong nilikha?

Ano ang magandang balita? Hindi tayo iniwan ng Diyos sa ating makasalanang kalagayan. Kahit sa gitna ng ating pagkakasala, may plano na ang Diyos na tubusin ang sangkatauhan (Genesis 3:14–15).

Natupad ito nang ipadala ng Diyos ang Kanyang Anak, si Jesu-Cristo, upang isaayos ang Kanyang larawan sa atin at ang ating kaugnayan sa Kanya. Ang sagot natin dito ay pananampalataya sa Kanyang tinapos na gawain.

## APPLICATION

- Dahil alam mo na ikaw ay ginawa ayon sa imahe ng Diyos, ano ang sinasabi nito tungkol sa iyong pagkakakilanlan na ibinigay ng Diyos? Sa palagay mo, paano ito dapat makaapekto sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?

- Sa anong mga paraan mo nakikita ang pagkasira at kawalan ng katarungan sa paligid mo? Paano ka makakapagdala ng pag-asa at magiging katiwala ng nilikha ng Diyos?

- Sino sa palagay mo ang kailangang makarinig ng mensaheng ito tungkol sa kasalanan at kaligtasan? Paano mo ito maibabahagi sa kanya ngayong linggo?

## PRAYER

- Sa mundong inaayon ang pagkakakilanlan sa iba't ibang lugar at tao, ipanalangin na ang pagkakakilanlan mo ay manatiling nakaayon sa Diyos lamang.

- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng biyaya upang makilahok sa Kanyang misyon na ibalik ang buong nilikha, ang mga tao, at mga ugnayan, sa ilalim ng liwanag ng pagiging nilikha ayon sa Kanyang imahe.

- Ipagdasal na ang lahat ng mga ginagawa mo para sa iba ay manggaling sa pagmamahal, at maging daan para sila ay magkaroon ng ugnayan sa Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ernie Aragon, Brandel Manalastas, Chrysse Manuel-Pili, Elijah Minguez, Bea Salcedo, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.